

# CORONAVIRUS: MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA BENEPISYO PARA SA MGA TAONG WALANG KATAYUAN SA IMIGRASYON

Huling Na-update Noong: Biyernes, Hunyo 12, 2020

**\*\*\*Dahil Pana-panahon ay May Mga Bagong Mapagkukuhanan ng Relief ay Nag-uumpisa o Nagtatapos, Mangyaring bumisita sa Website ng CLS sa [www.columbialegal.org/coronavirus-benefits-information-for-people-without-immigration-status/](http://www.columbialegal.org/coronavirus-benefits-information-for-people-without-immigration-status/) para sa Pinakabagong Impormasyon\*\*\***

Wala kayong Social Security Number. Wala kayong pangangalagang pangkalusugan. Wala kayong oras ng pahinga mula sa inyong trabaho o tinanggal kayo sa trabaho dahil sa coronavirus. Wala kayong makuhang mga benepisyo para sa unemployment. Ano ang mga benepisyo na makukuha ninyo o ng inyong pamilya? Nag-aalala na kung kayo o ang inyong pamilya ay makakakuha ng mga benepisyo ay mahahadlangan ang pagpasa ninyo sa Public Charge test kung mag-apply kayo para sa green card? **Heto ang mga katotohanan.**

## PANGANGALAGA SA KALUSUGAN

Kung kayo ay may low-income, babayaran ng gobyerno ng estado ang:

- klinika o ospital para masuri kayo para sa coronavirus, at
- kung kailangan ninyong magamot, bayaran ang inyong pagpapagamot.

Kailangan ninyong tanungin sa estado para sa nasabing tulong na ito. Hilingin sa klinika o ospital na tulungan kayo sa pag-a-apply. Ang pangalan ng programa na makakatulong ay Alien Emergency Medical o AEM. Hindi ninyo kailangang maghintay para makita kung kayo ay karapat-dapat para sa AEM para masuri o gamutin para sa coronavirus. Maaari rin bayaran ng AEM ang iba pang mga uri ng medikal na paggagamot na makukuha ninyo mula sa ospital.

**Ang pagkuha ba ng AEM ay makaka-apekto sa aking kakayahang makakuha ng permanent residency (“green card”) sa ilalim ng bagong Public Charge test?**

Hindi. Ang pagkuha ng AEM para masuri at magamot para sa coronavirus at pagkuha ng iba pang mga uri ng emergency na pag-aalaga sa ospital ay hindi mapapabilang para sa Public Charge test.

**Ano ang Charity Care?** Ang bawat ospital sa Washington ay kailangan para magkaloob ng libreng pag-aalaga para sa mga taong may low-income na:

- walang insurance, o
- ang insurance ay hindi nasasakop ang lahat ng mga bill sa ospital.

Ang libre o binawasang singilin sa pag-aalaga ay tinatawag na Charity Care. Kahit na mas marami kayong pera, ang ilang mga ospital ay magbabawas ng sigilin para sa medikal na pag-aalaga para sa mga taong hindi kayang bayaran ang kanilang pag-aalaga.

## **CORONAVIRUS: MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA BENEPISYO PARA SA MGA TAONG WALANG KATAYUAN SA IMIGRASYON**

Hihilingin mula sa inyo ng ospital na mag-apply para sa AEM. Maaari kayong mag-apply para sa parehong AEM at Charity Care nang sabay. Hilingin mula sa ospital na bigyan kayo ng application para sa Charity Care.

***HINDI ninyo kailangan ng Social Security Number para makakuha ng AEM o Charity Care. HINDI ninyo kailangan ng Social Security Number para sa application ng AEM o Charity Care.***

**Ang pagkuha ba ng charity care ay makaka-apekto sa aking kakayahang makakuha ng green card sa ilalim ng Public Charge test?**

Ang Charity Care ay hindi napapabilang para sa Public Charge test. Ito ay totoo para sa lahat ng pag-aalaga sa ospital na binayaran ng Charity Care. At, ang Charity Care ay ginagamit para sa pag-aalaga sa ospital, hindi lamag para sa coronavirus.

**Kung kailangan ko ng medikal na tulong, saan ako maaaring magpunta?**

Maaari ninyong tawagan ang inyong provider sa pangangalaga ng kalusugan, kung mayroon kayo nito, o sa inyong lokal na health clinic ng community, kung kailangan ninyo ng medikal na pag-aalaga.

**Ang pagpunta ba sa isang community health clinic ay mapapabilang laban sa akin sa Public Charge test?**

Hindi.

## **PAGTATRABAHO**

**Kung ako ay walang mga legal na dokumento (undocumented), may karapatan ba akong kumuha ng bayad na oras ng pahina (paid time off) bilang kaugnayan sa coronavirus.**

Oo. Ang lahat ng mga benepisyong nakalista sa ibaba ay available sa inyo anuman ang inyong katayuan sa immigration.

**Maaari ba akong makakua ng bayad na time off kung magkasakit ako ng coronavirus o kung ang isang miyembro ng pamilya ay magkasakit nito at kailangan ko silang alagaan?**

Oo. Kung kayo ay nagtatrabaho para sa isang employer na mayroong mas kaunti sa 500 mga empleyado, mayroong bagong pederal na batas para lang sa crisi ng coronavirus na nagbibigay sa inyo ng hanggang 80 oras ng bayad na sick time simula Abril 1, 2020, mas kaunti kung kayo ay isang part-time na empleyado. Maaari ninyong gamitin ang benepisyong ito kung:

- mayroon kayong ma sintomas ng coronavirus at may time-off para makipagkonsulta sa isang doktor;
- kayo ay naka-quarantine ayon sa kautusan ng gobyerno o ng inyong doktor dahil mayroon kayong coronavirus; o
- kayo ay nag-aalaga sa isang tao na naka-quarantine dahil sila ay may coronavirus (babayaran ng two-thirds ng inyong regular na bayad).

Maaari ninyong gamitin itong bagong sick time bago gumamit ng anumang iba pang sick time na naipon ninyo sa trabaho. Makalipas na maubos ang bagong sick time na ito, maaari ninyong gamitin ang sick time na makukuha

## **CORONAVIRUS: MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA BENEPISYO PARA SA MGA TAONG WALANG KATAYUAN SA IMIGRASYON**

ninyo sa ilalim ng batas ng Washington. Ang dami ng sick time na makukuha ninyo sa ilalim ng batas ng Washington ay depende kung gaano katagal kayo nagtrabaho sa inyong kasalukuyang employer. Dapat sabihin sa inyo ng inyong employer sa inyong pay stub kung gaano karaming sick time ang naipon ninyo.

### **Paano kung ako o ang miyembro ng aking pamilya ay nagkasakit pero hindi na-diagnose na may coronavirus?**

Magagamit ninyo ang Washington sick time na naipon ninyo para sa anumang uri ng sakit.

### **Paano kung sarado ang aking lugar ng trabaho at hindi ako maaaring magtrabaho mula sa bahay?**

Maaari ninyong gamitin ang inyong Washington sick time kung ang inyong lugar ng trabaho ay sarado sanhi ng isang kautusan mula sa gobyerno. Kung kayo ay nagtatrabaho sa Seattle, may lokal na batas rin na nagpapahintulot sa inyong gamitin ang inyong sick time kung sarado ang lugar ng inyong trabaho para sa anumang dahilan na may kaugnayan sa kalusugan (hindi kailangan ang kautusan ng gobyerno).

### **Paano kung ang paaralan ng aking anak o ang lugar ng pag-aalaga ay magsara o ang provider sa pangangalaga ng kalusugan ng aking anak ay hindi available dahil sa coronavirus?**

Mayroon kayong ilang mga opsyon:

- Maaari kayong kumuha ng 80 oras ng federal sick time (bayad sa two-thirds ng inyong regular na suweldo).
- Sa ilalim ng iba pang pederal na batas, kung nagtrabaho kayo para sa inyong employer ng 30 araw, maaari kayong kumuha ng hanggang 12 linggo ng bahagyang bayad na leave dahil magsasara ang paaralan o daycare ng inyong anak. Sa ilalim ng batas na iyon, ang inyong trabaho ay protektado habang time-off ninyo kung ang inyong employer ay mayroong kahit man lang 25 empleyado.
- Kung ang paaralan ng inyong anak o ang lugar ng pag-aalaga ay sinara ng isang pampublikong opisyal, maaari kayong makatanggap ng mga sumusunod na benepisyo, *na hindi available kung ang provider ninyo sa pag-aalaga (tulad ng lola ng inyong anak) ay hindi available:*
  - Maaari ninyong gamitin ang alinmang paid sick time sa Washington na naipon ninyo.
  - Kung kayo ay nagtatrabaho sa Seattle, maaari ninyong gamitin ang inyong bayad na sick time para alagaan ang *sinumang miyembro ng pamilya* na ang paaralan o lugar ng pag-aalaga ay isinara para sa anumang dahilan.

### **Paano ko kukunin ang bayad na sick time?**

Kung pakiramdam ninyo na may sakit kayo, basta't bigyan agad ng abiso ang inyong employer at manatili sa bahay. Kung alam ninyo na kailangan ninyo ng time-off, halimbawa kung may naka-schedule kayong appointment, bigyan hangga't maaari ng sapat na abiso ang inyong employer. Kung gust ninyong gamitin ang inyong pederal na sick time bago ang inyong sick time sa Washington, sabihin ito sa inyong employer.

Hihilingin mula sa inyong employer na bayaran kayo para sa oras na may sakit kayo (hanggang sa bilang ng mga oras na pinapahintulutan kayo sa ilalim ng pederal na batas o iyong kinita sa ilalim ng batas ng Washington). Ang rate ng suweldo ay ang inyong regular rate, maliban sa ilalim ng pederal na abtas, makakatanggap lang kayo ng 2/3 ng inyong regular na rate ng bayad sa pagkakaloob ng childcare o pag-aalaga sa isang may sakit na miyembro ng pamilya. Kung hindi kayo pinapahintulutan ng inyong employer na kumuha ng time off o hindi kayo babayaran para sa inyong sick time, makipag-ugnayan sa Washington Department of Labor & Industries sa [360-902-5316](tel:360-902-5316).

### **Paano kung ako o kung may iba sa aking pamilya na malubha ang pagkakaroon ng sakit sa coronavirus?**

## **CORONAVIRUS: MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA BENEPISYO PARA SA MGA TAONG WALANG KATAYUAN SA IMIGRASYON**

Ang Washington Paid Family at Medical Leave na programa ay magkakaloob sa inyo ng hanggang 12 linggo na bayad na time off kung ang sakit ay “malala.” Ang time off na ito ay available kung nagtrabaho kayo ng 820 oras sa parehong taon sa Washington. Maaari ninyong ipagsama ang mga oras mula sa maramihang mga trabaho para maabot ang hinihiling na bilang na mga oras.

Kung kayo ay “undocumented” o walang mga legal na dokmento at gustong mag-apply, i-print ang Spanish na application mula sa <https://paidleave.wa.gov/es/apply-now/> (ang application download button ay matatagpuan sa ibabang parte ng website) o kung hindi ninyo ma-print o kailangan ng application sa anumang iba pang wika maliban sa Espanyol, tumawag sa [833-717-2273](tel:833-717-2273) para makapagpadala sa inyo sa koreo ng application.

**Kung wala kayong valid na social security number, HUWAG maglagay ng social security number o ITIN sa application.** Sa sandaling napadala na ang inyong application, may tao mula sa paid leave program ang makikipag-ugnayan sa inyo para matiyak na sila ay mayroong impormasyon na kailangan nila para makuwenta ang mga oras na natrabaho ninyo.

**Kung tumawag kayo sa numero sa itaas at hirap na may makausap, o may problema kayo sa pagkuha o pagsumite ng isang application,** tumawag sa ombudsperson’s office sa [844-395-6697](tel:844-395-6697).

**Maaari ko bang makuha ang worker’s compensation (Industrial Insurance, L&I) kung nakuha ko ang coronavirus sa trabaho?**

*Kung kayo ay isang essential worker na naka-quarantine dahil nalantad kayo sa coronavirus, kayo ay maaaring karapat-dapat na makatanggap ng benepisyong ito.*

**HINDI kinakailangan ang isang social security number para magsampa ng application para sa worker’s compensation.** Para sa tulong sa claim sa worker’s compensation, makipag-ugnayan sa Department of Labor & Industries sa [360-902-5800](tel:360-902-5800).

**Paano kung gusto kong ibukod o i-isolate ang aking sarili dahil natatakot ako sa coronavirus, pero bukas pa rin ang aking lugar ng trabaho?**

Kung ikinokonsidera kayo bilang lubos na nanganganib, maaari kayong humiling ng alternatibong kaayusan sa trabaho tulad ng pagtatrabaho mula sa bahay, pagtatrabaho sa ibang lokasyon, o paggamit ng mga hakbang para sa social distancing. Kung sabihin sa inyo ng inyong employer na hindi posible ang alternatibong kaayusan sa pagtatrabaho, maaari kayong kumuha ng anumang sick time na naipon ninyo sa pamamagitan ng inyong employer. O, maaari kayong kumuha ng di bayad na leave of absence. Hindi kayo maaaring palitan ng inyong employer, pero maaari nilang hilingin sa inyong ipaalam ng maaga ng limang araw bago ninyo planong bumalik sa trabaho. Hindi maaaring di ipagpatuloy ng inyong employer ang inyong insurance sa kalusugan habang kayo ay naka-leave.

Maaari ninyong gamitin ang inyong mga karapatan bilang manggagawa na napapaloob sa mataas na panganib hanggang Hunyo 12, 2020, maliban kung patagalin ito ng kautusan ng estado. Kung hindi kayo sigurado kung kuwalipikado kayo bilang mataas na nanganganib, makipag-ugnayan sa inyong doktor.

**Ang paggamit ba ng pederal na sick time, Washington sick time, at pag-a-apply para sa mga benepisyo ng worker’s compensation ay magpapahirap para sa akin na makapag-apply para sa green card?**

Hindi. Wala sa alinman sa mga benepisyo sa employment na ito ang gagamitin laban sa inyo sa Public Charge test kung mag-apply kayo ng green card.

**Kung ako ay undocumented, maaari ba akong mag-apply para sa mga unemployment na benepisyo kung sarado ang aking lugar ng trabaho sanhi ng coronavirus?**

Hindi. Kailangan ninyo ng valid na social security number para makapag-apply para sa benepisyong ito.

## **PABAHAY (HOUSING)**

**Maaari ba akong humiling ng tulong sa pagbabayad ng aking upa kung matanggal ako sa trabaho?**

*Kung kayo ay nakatira sa Seattle*, maaari kayong humiling ng tulong sa pagbabayad ng inyong upa mula sa <https://www.gofundme.com/f/rent-fund-for-undocumented-people-covid19>. **HINDI ninyo kailangang ibigay ang inyong social security number o pribadong impormasyon**, sapat na ang inyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

*Kung nakatira ka sa King County*, maaari kang humingi ng tulong para bayaran ang upa ninyo mula sa United Way sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1 o sa <https://www.uwkc.org/renthelp/>. Kung mayroon kayong mga tanong hinggil sa tulong sa upa na ito, mangyaring tumawag sa 2-1-1.

**Ang pagtatanggap ba ng tulong sa upa ay makaka-apekto sa aking kakayahan na pumasa sa public charge test?**

Hindi.

## **MGA PAMPUBLIKONG BENEPISYO**

**Maaari ba akong makakuha ng tulong mula sa gobyerno kung ako ay “undocumented”?** Kung kayo ay may low-income, maaari kayong makakuha ng:

- AEM—basahin ang impormasyon tungkol sa AEM sa itaas
- Medikal na pag-aalaga para sa mga buntis at mga bagong ina,
- Mga pagbabakuna para sa nakakahawang sakit,
- Women, Infants, and Children o WIC,
- Ang one-time assistance, Pandemic EBT (<https://bit.ly/2UEk7H6>) na nagkakaloob ng pondo para makabili ng mga grocery habang ang mga paaralan ay sarado sanhi ng coronavirus (maaaring mag-apply para sa benepisyong ito sa Hunyo 30) sa <https://www.washingtonconnection.org/home/>;
- Almusal at tanghalian sa paaralan para sa mga bata (tiyakin sa inyong lokal na paaralan ng distrito),
- Pag-aalaga sa kalusugan ng mga bata na hanggang 21 taong gulang ang edad, at
- Isang beses kada taon na emergency cash na tinatawag na Disaster Cash Assistance Program (DCAP). Maaaring hindi kailangang may anak kayo para maging kuwalipikado para sa DCAP. Para sa karagdagang impormasyon sa DCAP, basahin ang Mga Tanong at Sagot ng Northwest Justice Project <https://bit.ly/2AyD1ly>.

**Ang paggamit ba ng mga benepisyong ito ay makaka-apekto sa aking kakayaham na pumasa sa Public Charge test?**

## CORONAVIRUS: MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA BENEPISYO PARA SA MGA TAONG WALANG KATAYUAN SA IMIGRASYON

Hindi. Ang pagkuha ng alinman sa mga benepisyong ito ay hindi makakabilang para sa Public Charge test.

### Saan ako maaaring mag-apply para sa mga benepisyong ito?

Mag-apply kayo para sa WIC sa mga lokal na klinika. Para makahanap ng klinika, tumawag sa [800-322-2588](tel:800-322-2588). Ang bawat tao sa WIC ay makakatanggap ng \$50 kada buwan. Ang WIC ay makakatulong sa inyong bumili ng ilang uri ng pagkain kung buntis kayo at para sa inyo at sa inyong mga anak na hanggang sa edad na 5 taong gulang.

Mag-a-apply kayo para sa AEM, medikal na pag-aalaga para sa mga buntis na kababaihan, mga bagong ina, Pandemic EBT at mga bata na mas bata sa 21, kasama ng DCAP sa pamamagitan ng pagtawag sa [877-501-2233](tel:877-501-2233).

## PANGKALAHATANG TULONG

### Kung may iba pang tulong para sa mga “undocumented” na indibiduwal habang may kautusan ang Governor na manatili sa loob ng bahay at maging maayos ang kalagayan ng kalusugan?

Oo. Maaari kayong mag-apply para sa “Covid-19 Relief Fund for WA Undocumented Folks” sa <https://www.scholarshipjunkies.org/relief#aid>.

Kung nakatira kayo sa Tri-Cities, maaari kayong mag-apply para sa “Tri-Cities Mutual Aid Network” fund sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa [tcmutualaidnetwork@gmail.com](mailto:tcmutualaidnetwork@gmail.com).

### Ang pagtatanggap ba ng tulong mula sa “Covid-19 Relief Fund for WA Undocumented Folks” o sa “Tri-Cities Mutual Aid Network” fund ay mapapabilang laban sa Public Charge test?

Hindi. Ang pagtanggap ng tulong na ito ay hindi mapapabilang sa Public charge test.

## LEGAL NA TULONG

### Saan ako makakakuha ng legal na tulong?

- **Kung kayo ay hindi nakatira sa King County:** Maaari kayong makipag-ugnayan sa CLEAR, ang toll-free na serbisyo ng pagpapayo at referral ng Washington para sa mga taong may low-income na hangad ang libreng legal na tulong sa mga civil legal na problema sa pamamagitan ng pagtawag sa [888-201-1014](tel:888-201-1014).
- **Kung kayo ay nakatira sa King County:** Maaari kayong tumawag sa [211](tel:211) para sa impormasyon at referral sa naaangkop na mga legal na service provider.

© 2020 Columbia Legal Services

Ang publikasyong ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon sa mga handang magamit na benepisyo para sa mga indibiduwal na walang katayuan sa immigration. Hindi ito nillaayon bilang kapalit sa tiyak na legal na payo.

(Ang pahintulot sa pagkopya at pamamahagi ay ipinagkakaloob sa Alliance for Equal Justice at sa mga indibiduwal para lang sa layunin ng di-pangkomersyal.)



[www.columbialegal.org](http://www.columbialegal.org)